

MGA CONTINUANCE (PAGPAPATULOY)

Ano ang continuance?

Ang continuance (pagpapatuloy) ay paglalabas ng iyong apela sa hinaharap. Kung ang mga petsang ibinigay sa iyo ay hindi kumbinyente para sa iyo, maaari kang humiling ng continuance para sa anumang bahagi ng iyong apela. Kung ang iyong kahilingan para sa continuance ay naaprubahan, ang timeline para sa pagkumpleto ng proseso ng apela ay papalawigin.

Ang regional center ay maaari ding humiling ng continuance. Kung ang regional center ay humiling ng continuance, ang timeline ng apela ay hindi awtomatikong palalawigin.

Maaaring hilingin sa iyo na lagdaan ang isang form na "Waiver of Timeline". Ang pagpirma sa form na ito ay nangangahulugang sumasang-ayon ka na pahabain pa ang timeline para sa pagkumpleto ng iyong apela. Kung hindi mo lalagdaan ang form, hindi papalawigin ang timeline.

Mga Timeline para sa Pagdaraos ng Iyong Hindi Pormal na Pagpupulong, Mediation o Pagdinig

May mga timeline para kumpletuhin ang bawat hakbang ng proseso ng apela. Kung kailangan mo ng karagdagang panahon upang makumpleto ang anumang hakbang ng proseso ng apela, maaari kang humiling ng continuance.

Maaari mong malaman ang tungkol sa mga timeline para sa bawat hakbang ng proseso ng apela:

- Sa Appeal Process Information Packet (Pakete ng Impormasyon sa Proseso ng Apela) na matatagpuan dito: <https://www.dds.ca.gov/wp-content/uploads/2023/04/Information-Packet-Tagalog.pdf>
- O, sa Flow Chart ng Proseso ng Apela at Mga Deadline, makikita rito: <https://www.dds.ca.gov/wp-content/uploads/2023/03/Appeals-Flow-Chart-Tagalog.pdf>

Dapat kang magpasya kung gusto mong gumamit ng isa pang bahagi ng apela nang hindi lalampas sa 60 araw pagkatapos mong matanggap ang iyong desisyon sa Hindi Pormal na Pagpupulong o ang petsa ng paunawa ng tagapamagitan sa resulta ng mediation. Kung hindi ka nakapagpasya sa loob ng 60 araw, ituturing na binawi ang iyong apela. Nangangahulugan ito na hindi mo maipagpapatuloy ang iyong apela.

Paano Humiling ng Continuance

- Continuance ng Hindi Pormal na Pagpupulong:
 - Kung gusto mong ipagpatuloy ang petsa ng iyong hindi pormal na pagpupulong, sabihin sa iyong regional center. Makikipagtulungan sa iyo ang regional center para maghanap ng ibang petsa.
 - Ang pagpupulong ay dapat sa oras at lugar na makatwirang kumbinyente para sa iyo.
 - Ang pagpapatuloy ng iyong Hindi Pormal na Pagpupulong ay magpapahaba ng oras para sa pagkumpleto ng proseso ng apela.

- Mediation Continuance:
 - Kung gusto mong ipagpatuloy ang petsa ng iyong mediation, kailangan mong kumpletuhin at magsumite ng Form ng Kahilingan para sa Pagpapatuloy ng Opisina ng Pagdinig.
 - Maaari mong mahanap ang form at impormasyon tungkol sa kung paano isumite ang form dito: <https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/General-Jurisdiction/Forms/Page-Content/DDS-Forms>
 - Dapat mo ring sabihin sa iyong regional center na humihiling ka ng continuance.
 - Kung ito ang una mong kahilingan para sa continuance, ito ay igagawad.
 - Kung humiling ka ng isa pang continuance, ang Opisina ng Pagdinig ay ang magpapasya kung papayagan o tatanggihan ang iyong kahilingan para sa continuance.
 - Kung pumayag ang Opisina ng Pagdinig sa iyong kahilingan sa continuance, ang timeline para sa pagkumpleto ng proseso ng apela ay pahahabain.
 - Kung pumayag ang Opisina ng Pagdinig sa kahilingan ng regional center para sa continuance, hindi iyon awtomatikong magpapahaba sa timeline ng apela.
 - Maaaring hilingin sa iyo na pumirma sa isang form na "Waiver of Time".
 - Ang pagpirma sa form na ito ay nangangahulugang sumasang-ayon ka na pahabain pa ang timeline para sa pagkumpleto ng iyong apela.
 - Kung hindi mo pipirmahan ang form, hindi papalawigin ang timeline.

- Continuance sa Pagdinig:
 - Kung gusto mong ipagpatuloy ang iyong pagdinig, dapat mong kumpletuhin at isumite ang form ng Kahilingan para sa Pagpapatuloy ng Opisina ng Pagdinig.
 - Maaari mong mahanap ang form at impormasyon tungkol sa kung paano isumite ang form dito: <https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/General-Jurisdiction/Forms/Page-Content/DDS-Forms>
 - Dapat mo ring sabihin sa iyong regional center na humihiling ka ng continuance.
 - Kung ang iyong kahilingan para sa isang continuance ay mapagbibigyan, ang timeline para sa pagkumpleto ng iyong apela ay palalawigin.

Mga dahilan para magkaroon ng isang Continuance

Mayroong ilang patakaran tungkol sa pagpapatuloy ng pagdinig:

- Sa unang pagkakataon na humingi ka ng pagpapatuloy ng pagdinig, hindi mo kailangang magbigay ng dahilan.
- Kung gagawa ka ng isa pang kahilingan para sa continuance, dapat kang magpakita ng mabuting dahilan. Ang ibig sabihin ng mabuting dahilan ay ginawa ang continuance para sa isang kadahilanang nakalista sa batas.
- Ang regional center ay maaari ring humiling ng continuance para sa isang mabuting dahilan.
- Kung ang kahilingan ng regional center para sa continuance ay ipinagkaloob, maaaring hilingin sa iyo na lumagda sa isang form na "Waiver of Time".
 - a. Maaari mong mahanap ang form na ito rito: <https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/General-Jurisdiction/Forms/Page-Content/DDS-Forms>

- b. Ang pagpirma sa form na ito ay nangangahulugang sumasang-ayon ka na pahabain pa ang timeline para sa pagkumpleto ng iyong apela.
- c. Kung hindi mo pipirmahan ang form, hindi palalawigin ang mga timeline.

Ang mabuting dahilan para sa continuance ay nangangahulugan na ikaw, ang iyong awtorisadong kinatawan, o ang kinatawan ng regional center ay nagkaroon ng isa sa mga sumusunod na pangyayari:

- Pagkamatay ng asawa, magulang, anak, kapatid na lalaki o babae, o lolo o lola
- Sakit o pinsala
- Biglaan o hindi inaasahang emerhensya
- Hindi pagkakaroon ng saksi o ebidensya na nagdudulot ng matinding prejudice (masamang palagay) sa panig. Ang ibig sabihin ng prejudice ay ang pagdinig ay hindi magiging patas kung wala ang testimonya ng taong ito.

Iba pang mga dahilan kung bakit maaaring ipagpatuloy ang pagdinig:

- Maaari kang humiling ng continuance sa pagdinig kung hindi ka pa nagkaroon ng mediation at gusto mo ng mediation bago ang iyong pagdinig. Kung ipagkakaloob ang continuance na ito, papahabain nito ang mga timeline para sa pagkumpleto ng iyong apela.
- Ang regional center ay dapat humiling ng continuance kung hindi nila maibibigay sa iyo ang pahayag ng posisyon sa iyong gustong wika dalawang araw ng negosyo bago ang iyong pagdinig. Ikaw at ang Opisina ng Pagdinig ay makakakuha ng kopya ng kahilingan para sa continuance.

Maaari kang magpasya kung gusto mong sumang-ayon sa isang continuance. Ang continuance ay hindi maaaring humiigit sa 10 araw. Kung may continuance, bibigyan ka ng regional center ng kopya ng isinaling pahayag ng posisyon dalawang araw ng negosyo bago ang bagong petsa ng pagdinig.

Ang pagsang-ayon sa continuance na ito ay hindi awtomatikong nagpapahaba sa timeline para sa pagkumpleto ng pagdinig. Maaaring hilingin sa iyo na pumirma sa isang form na "Waiver of Time". Ang pagpirma sa form na ito ay nangangahulugang sumasang-ayon ka na pahabain pa ang timeline para sa pagkumpleto ng iyong apela. Kung hindi mo pipirmahan ang form, hindi palalawigin ang mga timeline. Maaari mong mahanap ang form dito:

<https://www.dgs.ca.gov/OAH/Case-Types/General-Jurisdiction/Forms/Page-Content/DDS-Forms>

Paano Humingi ng Tulong

Maaari kang humingi ng tulong upang maunawaan ang iyong mga karapatang umapela. Makikita ang ilang ahensya na maaaring makatulong sa pamamagitan ng pag-click ng tab na "Getting Help" (Pagkuha ng Tulong) sa: <https://www.dds.ca.gov/general/appeals-complaints-comments/fair-hearings-complaint-process/lanterman-act-appeals-information-packet/>